PUBLIC WORKS DEPARTMENT

Mayo 18, 2022

**MAHALAGANG ABISO – PAKIBASA NANG MABUTI**

**Taunang Proyekto sa Pagmementina sa Sementadong Daan ng Lungsod ng Fairfield**

Minamahal na May-ari ng Ari-arian at/o Residente,

Ang layunin ng liham ay ang abisuhan ka tungkol sa paparating na trabaho sa kalsada na pinaplano ng Lungsod ng Fairfield na makakaapekto sa iyong kalye at mga katabing kalye sa iyong komunidad. Kabilang sa trabaho ang pagpapalit ng mga sementadong rampa sa bangketa, pag-aayos ng mga lubak, pagsesemento ulit sa kalye, at pagpapalit sa mga marka sa sementadong daan.

**Ano ang Proyekto sa Pagmementina sa Sementadong Daan?**

Kabilang sa inisyal na construction ang pagpapalit sa mga sementadong rampa sa bangketa na hindi tumatalima sa ADA (Americans with Disabilities Act), sementadong rampa sa bangketa, pag-aayos ng mga lubak, at pag-aalis ng mga marka sa sementadong daan. Maraming hakbang ang pagmementina sa sementadong daan na kinabibilangan ng, bagong layer ng aspalto para maayos ang sementadong daan, paglalagay ulit ng striping at mga marka sa sementadong daan, at paglilipat ng mga utility box sa elebadong daan para matiyak na pantay ang daan.

**Kailan ipinanukala ang trabaho?**

Magsisimula ang trabaho sa buwan ng Mayo, 2022 at palalawigin ito hanggang Oktubre 2022. Ang mga araw ng pagtatrabaho ay mula Lunes hanggang Biyernes, at mula 7:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., o mula 9:00 am hanggang 3:00 kapag malapit sa mga paaralan ang construction.

**Paano posibleng maaapektuhan ang aking ari-arian at access?**

Makikipag-ugnayan sa iyo kung mayroong mga puno sa iyong ari-arian na kailangang putulan para matiyak na walang punong masisira sa construction. Kikilos ang Lungsod para mapaliit ang mga epektong ito sa iyo.

Sa pagsasagawa ng trabaho, kakailanganing magsara ng mga lane at pansamantalang kontrolin ang trapiko. May flagger na magmamando sa isang dulo ng lugar para matiyak ang kaligtasan mo. Sa pagtatapos ng bawat araw ng trabaho, magpapatuloy ang trapiko gaya ng karaniwan. Sa araw, posibleng pansamantalang ipagbawal ang pagdaan sa driveway at pagdaan ng pedestrian.

**Paano ako mananatiling updated?**

Nakalakip ang mga mapa ng mga apektadong kalye na magagamit mo bilang sanggunian. Magpapamahagi ng mga door hanger na naglalarawan sa anumang pagsasara ng kalye at limitasyon sa pagparada na mangyayari, kabilang ang petsa at tagal ng trabaho sa at/o sa paligid ng iyong kalye. Yugto-yugto ang gagawing pagsasagawa sa trabaho sa sementadong daan at ang mga aktibidad sa construction ay maraming beses na magdudulot ng mga abala sa bawat isa sa mga kalye. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paparating na construction, pakibisita ang website ng Lungsod sa http://www.fairfield.ca.gov/cip.

Humihingi kami ng paumanhin ngayon pa lang para sa abala, pero umaasa kami sa mga pagpapahusay sa mga kalye. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa Senior Civil Engineer na si David Vong sa street@fairfield.ca.gov o sa (707) 428-7485.

Nagpapasalamat kami sa iyong pasensya at pag-unawa sa panahon ng proyekto.

Ryan N. Panganiban, P.E.
Assistant Director ng Public Works/City Engineer

# ANNUAL PAVEMENT MAINTENANCE PROJECT

